

Habag at Awa

(1 Samuel 19-26)

Sa lupain ng Israel ay may nakatirang isang matapang na binatang lalaki na nagngangalang David. Minamahal ng mga tao si David dahil siya ay mabait, matalino, at napakatapang. Ngunit mayroon ding isang hari na nagngangalang Saul na naiinggit kay David dahil sa labis na pagpupuri ng mga tao kay David.

Sinubukan ni Saul na saktan si David ng maraming beses dahil sa kanyang labis na pagka-inggit. Hinabol niya si David saan man lugar na puntahan at pagtaguan nito upang hulihin siya. Ngunit kahit na masama ang hangarin sa kanya ni Saul, nirespeto pa rin siya ni David dahil si Saul ay ang hari na pinili ng Diyos.

Minsan nagkaroon muli ng pagkakataon na makasama ng hari si David dahil na rin sa pakiusap ng kanyang anak na si Jonathan. Sa simula ay maayos ang lahat ngunit muling nagdilim ang pagiisip ni Haring Saul. Habang tumutugtog si David ng lira, walang anu-ano'y sinibat niya si David ngunit nakailag ito. Dahil dito, muli na namang tumakas si David at nagtago. Patuloy na tinugis ng hari si David at patuloy rin naman itong nakakatakas kasama ang kanyang mga kasamahan.

Dumating ang panahon na nabalitaan ni Haring Saul kung saan nagtatago si David. Sa kanyang pagtugis, natapat siya sa isang kuweba at doon ay tumuloy panandalian. Nagkataon naman na sa kaloob-looban rin ng kuwebang iyon nagtatago sina David at ang kanyang mga tauhan. Nagkaroon si David ng pagkakataon na saktan ang hari ngunit hindi niya ito ginawa. Alam ni David na kahit gusto siyang saktan ang hari, nasa isip niya na si Saul pa rin ay ang hari na pinili ng Diyos. Sa halip, dahan-dahan lumapit si David at pinutol ang isang bahagi ng laylayan ng kasuotan ni Haring Saul. Hindi ito namalayan ng hari, tumayo siya at lumabas ng kuweba. Pinakiusapan ni David ang kanyang mga kasama na huwag sasaktan ang hari.

Nang malayu-layo na si Haring Saul, lumabas ng kuweba si David at sumigaw upang siya ay mapansin ng hari. Yumukod si David matapos lumingon ng hari. Ipinaliwanag ni David sa kanya na wala siyang masamang naisin sa kanya. Upang mapatunayan ito, ipinakita ni David



ang piraso ng laylayan ng damit ng hari na kanyang pinutol. Sinabi ni David kay Saul, "Maaari kitang saktan noong may pagkakataon ako, ngunit hindi ko ginawa. Ginagalang kita bilang hari na pinili ng Diyos."

Nagulat at naantig si Saul sa kabaitan ni David. Naunawaan niya na si David ay isang mabuting tao, at pinagsisihan niya ang pagtatangka niyang saktan siya. Sinabi ni Saul kay David, "Ikaw ay mas mabuting tao kaysa sa akin. Pinakita mo sa akin ang awa kahit hindi ako karapat-dapat. Ititigil ko na ang paghabol sa iyo, at magkakaroon na tayo ng kapayapaan." Mula noon ay napagtanto ni Haring Saul na si David nga ang magiging hari ng Israel.

Bagamat ang pangyayaring ito ay naulit, muli pa rin nagpakita ng habag si David kay Haring Saul.



Ang Diyos ay maawain at mapagpatawad. Tinatawag tayo ng Diyos na magpatawad at maging maawain sa iba, tulad ng pagpapatawad at pagpapakita ng awa Niya sa atin. Bukod diyan ay pakitaan natin ng kabaitan at pagmamahal ang iba, kahit sa mga taong nagkakasala sa atin.

